# Standard para sa Proteksyon ng Manggagawa

## Mga Requirement para sa Application Exclusion Zone

## Binago at May Bisa mula

## Disyembre 3, 2024

Na-update na Mga Tanong at Sagot

**ABISO:**

Na-update ng EPA ang documento ng Patnubay na ito.

Huwag sumangguni sa nakaraang mga bersyon ng patnubay na ito.

**Agricultural Worker Protection Standard o Pamantayan para sa Proteksyon ng Pang-Agrikulturang Manggagawa (WPS)**

Fact Sheet ng Mga Requirement para sa Application Exclusion Zone (AEZ)

*Na-update noong Oktubre 2024*

## Introduksyon

Ang fact sheet na ito ay naglalaman ng mga karagdagang pagpapaliwanag ng Application Exclusion Zone (AEZ) requirements of the Agricultural Worker ,Protection Standard (WPS) (WPS; Code of Federal Regulations (CFR), Title 40, Part 170).Ang kondisyon ng AEZ sa regulasyon ng WPS ay na-update noong Oktubre 4, 2024 (may bisa noong Disyembre 3, 2024). Bilang isang resulta, na-update rin ng EPA ang documento ng patnubay na ito.

**Ang na-update na dokumento na ito ay pumapalit sa lahat ng mga nakaraang patnubay ng AEZ.** Huwag sumangguni o gumamit ng mga mas lumang bersyon ng patnubay na ito (sa 2016 o 2018) sa panganib ng hindi pagsunod sa mga kondisyon ng AEZ.

Ang AEZ ay malapit na nauugnay sa iba pang mga requirement ng WPS, lalo na sa requirement ng "Hindi Dapat Mahawakan". Ang lahat ng mga agricultural na pesticide na kasama sa pahayag na ito: "Huwag gamitin ang produktong ito sa anumang paraan na mahahawakan o madidikit sa mga manggagawa o iba pang mga tao, nang direkta o madala (sa ibang lugar)." Dapat tiyakin ng mga hahawak ng pesticide at ang mga empleyado nito na walang pesticide ang nagamit na nadikit, nang direkta o nadala, ng sinumang mga manggagawa o iba pang mga tao, maliban sa iyong mga angkop na nasanay at may angkop na kagamitan na mga hahawak na bahagi ng maglalagay nito. **Itong "Hindi Dapat Mahawakan" na requirement ay hindi limitado sa layo o mga limitasyon ng establishment. Ito ay ginagamit kung ang mga tao ay nasa o wala sa pang-agrikultura na establishment at gaano man kalayo sila sa paglalagyan.**

Ang mga requirement ng AEZ ay nilalayon na bawasan ang bilang ng mga kaso kung saan ang mga manggagawa o nasa tabi ay nadidikit sa mga pesticide habang naglalagay ng mga pang-agrikultura na pesticide. Ginagawa nila ito sa pamamagitan ng pagtatatag ng mga tiyak na requirement para sa isang area **sa palibot** ng mga patuloy na paglalagay ng pesticide. Ang mga requirement na ito ay tumutukoy sa mga responsibilidad ng parehong mga pang-agrikultura na employer at mga humahawak sa mga ito na may kaugnayan sa mga taong sumasailalim sa AEZ. Ang mga requirement ay tinatalakay sa dokumentong ito.

Dagdag pa, kapag gumamit ka ng pesticide na produkto na may etiketa na tumutukoy ito sa WPS, kailangan mong sumunod sa iba pang mga requirement ng WPS. Kung hindi ka sumunod sa requirement ng WPS, ikaw ay lalabag sa pederal na batas.

1. **T: Ano ang AEZ?**

   **S:** Ang ***Application Exclusion Zone*** **(AEZ)** ay isang area na pumapalibot sa (mga) punto ng paglalagyan ng equipment ng paglalabasan ng pesticide (hal. mga spray nozzle) na inilalabas laman kapag kailangang maglagay ng pesticide.[1] Umaabot ito sa lahat ng mga direksyon nang pahiga sa palibot ng equipment sa paglalagay (application equipment). Ang AEZ ay puwedeng may 25- o 100-foot na radius, depende sa uri ng paglalagay at laki ng droplet. Kasama sa WPS ang mga tiyak na requirement na nagtatatag sa mga may-ari, mga pang-agrikulturang employer, at humahawak sa pesticide ay dapat sumunod para sa AEZ.

   Ang AEZ ay gumagalaw gamit ang application equipment tulad ng isang bilog sa palibot ng equipment sa paglalagay. Habang gumagalaw ang equipment sa paglalagay, ang mga bagong area sa palibot ng appilcation ay nagiging parte ng AEZ, at ang mga area kung saan huminto ang AEZ sa loob ng AEZ. Sa sandaling tapos na ang paglalagay, magwawakas na rin ang AEZ.

   Tulad nang nabanggit, ang mga requirement ng AEZ ay dagdag sa **"Hindi Dapat Mahawakan"** na requirement sa etiketa ng pesticide.




2. **T: Paano nagkakaiba ang AEZ mula sa ginagamot na area?**

   **S:** Ang AEZ ay iba mula sa **ginagamot na area,** na ang buong area kung saan ang pesticide ay pinapatungo o nailagay (nangangahulugan, kung saan nilalagay ang pesticide o <u>nalagyan</u> na). Salungat dito, ang AEZ ay ang direktang area na pumapalibot sa equipment sa paglalagay, gumagalaw kasabay ng equipment, at ipinapatupad lamang kapag may patuloy na isinasagawang paglalagay. Sa sandaling ang isang area ay hindi na parte ng AEZ, ang mga restriksyon ng AEZ ay hindi na gagamitin sa area na iyon.

[1] TALA: Mayroong mga maipagkukumpara pero magkaibang mga uri ng AEZ na requirement para sa mga saradong espasyo ng produksyon na hindi nalinawan sa fact sheet na ito. Mangyari lang tingnan ang 40 CFR 170.405(b) at sumangguni sa pp. 39-41 sa Chapter 3 of the WPS How to Comply Manual.




Tandaan na sa ginagamot na area, maaaring may mga restriksyon sa pagpasok sa mga lugar kung saan katatapos lang maglagay. Ang pagpasok sa mga ginamot na area ay sumasailalim sa **restricted-entry interval (REI)** na tiniyak sa etiketa ng produkto ng pesticide at sa nauugnay na mga restriksyon ng WPS makalipas ang paglalagay.

3. **T: Ano ang responsibilidad ng employer pang-agrikultura sa pagkakaloob ng mga proteksyon sa AEZ sa establishment?**

**S:** Ang mga employer na pang-agricultura ay hindi dapat magbigay pahintulot o mag-utos sa sinumang manggagawa o iba pang tao (maliban iyong mga angkop na nasanay at may mga kagamitang tagahawak na kabilang sa paglalagay) para mapaloob sa AEZ na napapaloob sa mga boundary ng pang-agrikulturang establishment kapag may nagaganap na paglalagay.

Kabilang dito ang mga taong namamalagi sa mga migrant labor camp o iba pang pabahay o mga gusali na matatagpuan sa isang pang-agrikulturang establishment. (Gayunman, may eksepsyon sa mga miyembro mga kagyat na pamilya ng may-ari ng establishment. Basahin ang Tanong #9)

Ang dahilan na ang requirement na ito ay ginagamit lang sa loob ng mga boundary ng establishment ay dahil ang pang-agrikulturang employer ay may legal na awtoridad na bigyang instruksyon ang pagkilos ng mga tao sa establishment. Ang mga employer ay hindi inaasahan na magkaroon ng kontrol sa mga tao na wala sa establishment.

Ang requirement ng AEZ ay dagdag sa mga restriksyon ng WPS sa pagpasok makalipas na maglagay sa mga ginamot na area. Ang pang-agrikulturang employer ay hindi dapat magpahintulot sa paglalagay ng pesticide habang may iba pang manggagawa o ibang tao (maliban doon sa angkop na may magsasanay o humahawak ng mga equipment na kabilang sa paglalagay) sa establishment ay nasa AEZ o sa isang area kung saan ipinapatupad ang REI.

Dapat rin tiyakin ng pang-agrikulturang employer na walang nadidikit sa mga nilagay na pesticide sa establishment. Gayunman, di tulad ng iba pang mga requirement na inilarawan sa itaas, ang responsibilidad ng employer sa ilalim ng "Hindi Dapat Mahawakan" ay umaabot rin hanggang sa labas ng establishment.

**4. T: Ano ang responsibilidad ng humahawak sa pesticide (sa kasong ito, ang applicator) para sa AEZ?**

**S:** Ang mga **humahawak ng pesticide** ay mga indibiduwal na karaniwang may direktang paghawak sa mga pesticide at nagtatrabaho para sa mga pang-agrikulturang establishment at mga commercial handling na establishment. Ang mga humahawak sa ilalim ng WPS ay nangangahulugan na sinuman, kasama na ang isang taong may sariling hanap-buhay, iyong nagtatrabaho para sa isang pang-agrikulturang employer o commercial pesticide handler na employer at nagsasagawa ng kahit ilang bilang ng mga aktibidad na may kaugnayan sa pesticide, kasama na pero hindi limitado sa paghahalo, pagkakarga, o pagalagay ng mga pesticide (basahin ang 40 CFR 170.305 "Handler" para sa kumpletong depinisyon).Kapag pinag-uusapan ang AEZ, ang tagahawak ay maaari rin tukuyin bilang "applicator", dahil ang partikular na gawain ng handler kung saan ipinapataw ang mga kondisyon ng AEZ ay ang paglalagay ng mga pesticide, at hindi ang iba pang mga gawain sa paghahawak na inilarawan sa regulasyon.

Ang mga handler na naglalagay ng pesticide ay dapat na pansamantalang isuspinde ang paglalagay kung may mga manggagawa o iba pang mga tao (maliban doon sa mga naaangkop na sinanay at may kagamitan na mga handler ang kasama sa paglalagay) ang nasa AEZ.

Ang mga hahawak nito ay hindi dapat bumalik sa paglalagay *hangga't walang taong naroroon sa AEZ.* Ang requirement para sa mga hahawak nito na isuspinde ang paglalagay ay *ginagamit sa parehong loob at labas ng pang-agrikulturang establishment.* Tandaan na ito ay kahalili ng **"Hindi Dapat Mahawakan"** na requirement – ang mga hahawak ay dapat maglagay ng mga pesticide na madidikit sa sinumang manggagawa o iba pang tao, kung ang nasabing tao ay nasa loob o labas ng pang-agrikulturang establishment.

Sa ilalim ng WPS, ang hahawak ay responsable para sa pagsususpinde ng application. Gayunman, ang responsibilidad ay hindi *limitado* sa hahawak nito. Dapat rin tiyakin ng may-ari ng establishment, ang pang-agrikulturang employer, at/o hahawak ng commercial pesticide na nauunawaan ng mga hahawak at mapapatupad nila ang requirement sa pagsususpinde.

Tulad nang paunang naitala, mayroong exemption para sa pamilya ng may-ari ng establishment na manatili sa AEZ, pero kung natugunan lang sa ilalim ng ilang mga kondisyon tulad nang natalakay sa Tanong #9.

**5. T: Sino ang responsabile o may pananagutan sa pagpapatupad ng mga AEZ sa establishment?**

**S:** Ang parehong mga may hawak (kasama na ang mga may sertipikong applicator) at mga employer ay may responsibilidad na matiyak na ang mga requirement ng AEZ ay wastong naipapatupad kapag ang mga tao sa establishment ay napapaloob sa loob ng AEZ. Habang ang mga handler ay kailangang mag-suspinde ng application hangga't ang mga tao ay nakaalis na sa AEZ, ang mga requiment ng AEZ ay hindi nagpapataw ng limitasyon sa pananagutan para lamang sa hahawak nito.

Hindi lahat ng mga hahawak ng pesticide ay mga certified applicator; marahil ay di nila kaantas sa training o mga technical skills na nauugnay sa mga lisensya at certification na iyon. Higit pa, ang mga hahawak ng pesticide na hindi mga may lisensyang applicator ay maaaring walang kakayahan na magsagawa ng ilang mga uri ng desisyon tungkol sa paglalagay ng pesticide—halimbawa, ang pagbabago sa daan o uri ng paglalagay.

Sa pangkalahatan, ang responsibilidad ay para matiyak na ang WPS kasama na ang mga proteksyon ng AEZ ay naipagkakaloob at nasusundan ay nasa parte ng employer (ang pang-agrikulturang employer o employer ng hahawak ng commercial pesticide). Sa kadahilanang iyon, ang desisyon na ipataw ang responsibilidad sa employer o sa naglalagay ng pesticide o direktang namamanihala sa paglalagay para sa isang paglalabag sa AEZ ay binabatay sa bawat kaso.

6. **T: Paano mapapatupad ng isang tao ang mga AEZ sa labas ng establishment na kinabibilangan ng mga bahayan o kalsada?**

   **S:** Dapat isuspinde agad ng hahawak ang paglalagay kung may pumasok sa loob ng AEZ habang naglalagay ng pesticide, kung ang AEZ ay nasa loob o labas ng establishment. *Kabilang dito ang mga tao sa mga kalapit na bahayan at sa mga tabi ng kalsada.* Mahalagang tandaan na ang mga AEZ ay hindi mga buffer zone o permanenteng hadlang. Ang mga hahawak ng pesticide ay maaaring maglagay ng mga pesticide malapit sa mga bahayan, kalsada, mga natalagang pasukan o labasan, mga right-of-way na daanan, at iba pang mga area na madalas na nadadaanan sa parehong loob at labas ng establishment, hangga't ang mga ito ay nakakasunod sa mga requirement ng AEZ at sa mga requirement para sa etiketa ng produkto ng pesticide. Sa sandaling ang equipment sa paglalagay ng pesticide ay nalipat na patungo sa ibang area, ang mga requirement ng AEZ ay hindi na gagamitin para sa area na iyon. At sa sandaling nakumpleto na ang paglalagay, magwawakas na rin ang AEZ. Ang mga restriksyon lamang na mananatili ay ang mga restriksyon sa pagpasok sa nagamot na area sa establishment.

   Para maiwasan ang mga paglalabag, ang mga employer at hahawak ng pesticide ay maaaring magpatupad ng ilang mga estratehiya kapag naglalagay ng mga pesticide malapit sa mga boundary ng establishment.

   - Bago ang isang application, ang mga may-ari/employer ay dapat mag-utos sa mga hahawak ng pesticide kung nasaan ang mga boundary ng pang-agrikulturang establishment.

- Kapag nagpaplano ng isang paglalagay ng pesticide, dapat tiyakin ng mga may-ari/employer o mga handler ang mga boundary ng mga establishment at mga area sa labas ng establishment na maaaring mapaloob ng AEZ at/o kung saan mayroong mga tao (halimbawa, ang pag-aalam kung gaano kalayo mula sa bahay ng kapitbahay o kalsada mula sa equipment ng application habang naglalagay ng pesticide).
- Kung maglalagay ng mga pesticide na malapit sa isang bahay, kalsada, punto ng pasukan, right-of-way na daanan, o iba pang madalas na daanan na lugar sa labas ng establishment, ang hahawak ng pesticide ay maaaring sumuri sa dadaanan ng paglalagyan ng pesticide at sa mga lugar na magiging parte ng AEZ. Magagawa nila ito nang parehong bago at habang isinasagawa ang application.
- Maaaring ikonsidera ng mga employer at applicator ang pagkakaroon ng maraming mga hahawak na kalahok bilang magsilbing mga tagabantay o ayusin ang trapiko (kung posible) hangga't ang equipment ay nakapasa o ang application ay nasuspinde.
- Kung inaasahan ng employer o applicator na may papasok sa AEZ (halimbawa, kung may mga taong nagmamaneho ng kotse papunta sa isang lokasyon kung saan naglalagay ng pesticide), at kung di puwedeng suspendihin ng applicator ang paglalagay sa sandaling nakapasok na sa AEZ ang mga tao, dapat suspindehin ng applicator ang paglalagay sa proactive na paraan para matiyak na walang makakahawak o madidikit dito.
- Kung inaasahan ng employer o applicator na ang mga tao ay mas may posibilidad na pumasok sa isang nasa labas ng establishmnt na AEZ sa mga tiyak na oras (halimbawa, kung ang mga kotse ay marahil na dumaan sa isang kalsada habang rush hour), maaaring ikonsidera ng employer o applicator na maglagay ng pesticide sa ibang oras, upang mabawasan ang mga paggagambala sa paglalagay at mabawasan ang panganib sa mga nasa tabi o nalalapit na tao.
- Kung nagplano ang may-ari ng establishment o pang-agrikulturang employer ng paglalagay ng pesticide sa isang residential area o sa property ng kapitbahay sa isang tiyak na oras, maaari nilang ikonsiderang sabihan ang mga kapitbahay (sa pamamagitan ng pagtawag sa telepono, maglagay ng karatula ng babala sa kanilang ari-arian, o iba pang mga pamamaraan) para mabigyang limitasyon ang access sa area sa oras na iyon.
- Kung ang may-ari ng establishment o pang-agrikulturang employer ay nagplano ng paglalagay malapit sa isang daanan kung saan may access ang iba pang panig (halimbawa, daanan para sa utility), maaari nilang ikonsidera na paunang tawagan ang panig at sabihin ang paglalagay para mas kaunti ang pangyayari ng pagpasok sa area sa mga oras na iyon.

Mahalaga rin na tandaan na ang AEZ ay pansamantala at gumagalaw kasabay ng equipment para sa paglalagay kapag may aktibong isinasagawang application. Hindi ito tinutukoy na may kaugnayan sa boundary ng property. Kung ang hahawak ng pesticide ay kinakailangang magsuspinde sa paglalagay sa isang lokasyon dahil may mga tao sa

AEZ, marahil ay kailangan nilang ilipat ang mga gamit sa ibang lugar, kung saan walang mga tao sa AEZ, at ipagpatuloy ang paglalagay doon (sa kondisyon na sila ay sumusunod sa lahat ng mga requirement ng AEZ at ang requirement ng "Hindi Dapat Mahawakan"). Kabilang dito ang paglilipat ng equipment sa ibang area sa boundary ng establishment.

**7. T: Paano matitiyak ng isang taong naglalagay ng pesticide kung kailangan ang distansya sa ilalim ng AEZ na 25 feet kumpara sa 100 feet?**

S: Para matiyak ang laki ng isang AEZ, sukatin mo papalabas mula sa pinakamalayong dulong nozzle sa application equipment nang pahiga sa lahat ng mga direksyon. Ayon sa regulasyon, ang laki ng AEZ ay matitiyak sa paraan ng application at kalidad ng spray (hal. laki ng droplet). Ang mga laki ng droplet (tulo) (tinutukoy sa American Society of Agricultural and Biological Engineers (ASABE) Standard 572 (S572) at mga susunod na bersyon[2]) ay batay sa ilang mga factor kasama na ang disenyo ng nozzle, system pressure, at bilis ng application equipment. Ang walong ASABE droplet size category (na tinutukoy rin sa karamihang mga nozzle chart) ay kinabibilangan ng:

- *Mas maliit kaysa sa medium:*
  - Extra fine (XF)
  - Very fine (VF)
  - Fine (F)

- *Medium o mas malaki:*
  - Medium (M)
  - Coarse (C)
  - Very coarse (VC)
  - Extra coarse (XC)
  - Ultra coarse (UC)

*Sa ilalim ng tuntunin na ito, ang AEZ ay dapat hindi bababa sa 100 feet na pahiga sa lahat ng mga direksyon kapag naglalagay ng pesticide:*

- Sa pamamagitan ng hangin (fixed wing o helicopter),
- Sa pamamagitan ng air blast o air-propelled na paraan ng paglalagay,
- Bilang isang fumigant, usok, mist, o fog,
- Bilang spray kung saan ang kalidad ng spray ay *mas maliit kaysa sa medium* tulad nang tinukoy sa ASABE (hal, F, VF, o XF).

[2] mga standard ng ASABE, mga pamamalakad sa engineering, at data na paunang naaprubahan bago ang pagbabago ng pangalan ng samahan mula sa American Society of Agricultural Engineers (ASAE) at naging "ASABE" noong Hulyo 2005 ay dinisenyo bilang "ASAE" (hal., ASAE S572), anuman ang petsa ng pag-apruba ng revision. Para sa layunin ng patnubay na ito, ang EPA ay tumutukoy sa mga standard gamit ang "ASABE" para sa layunin ng paglilinaw at walang pagbabago.

*Ang AEZ sa tuntunin na ito ay dapat hindi bababa sa 25 feet na pahiga sa lahat ng mga direksyon kapag ang pesticide ay:*

- HINDI nilagay sa isang paraan na kailangan ng isang 100-foot AEZ, at
- Na-spray mula sa taas na higit sa 12 inches mula sa ibabaw ng lupa o paglagay ng medium gamit ang *kalidad ng spray na medium o mas malaki* tulad nang tinukoy ASABE (i.e., M, C, VC, XC, and UC).

*Walang AEZ ang kailangan kapag ang pesticide ay nilagay sa isang paraan maliban doon sa nabanggit sa itaas (hal. katumbas o mas kaunti sa 12 inches mula sa lupa na may medium o mas malaking kalidad ng spray).*

- Sa mga situwasyon kung saan walang kinakailangang AEZ na kinabibilangan ng paglalagay ng mga granular na pesticide, ang mga soil incorporated pesticide (hindi mga fumigant); pre-plant, at-plant, at spot-spray na paglalagay ng pesticide basta't ang mga ito ay katumbas o mas mababa sa 12 inches mula sa lupa o planting medium at gumamit ng isang medium o mas malaking laki ng droplet.

8. **T: Bakit gumagamit ang EPA ng ASABE standard para matiyak ang mga laki ng droplet? Paano dapat gamitin ng mga may-ari/hahawak ng pesticide ang mga pamantayan para matiyak ang isang naaangkop na AEZ para sa isang application?**

S: Para sa mga layunin ng pagtitiyak ng laki ng AEZ, tinutukoy ng EPA ang mga laki ng droplet batay sa mga klasipikasyon ng ASABE at mga kategorya nito, na pinaniniwalaan ng Agency na karaniwang lubos na nauunawaan ng may regulasyong komunidad at karaniwang pinagsasanggunian sa maraming mga lugar, kasama na ang ilang mga etiketa ng pesticide ng EPA bilang mga etiketa ay binago habang isinasagawa ang proseso ng Registration Review ng EPA.

Ang mga klasipikasyon ng droplet mula sa mga pamantayan ng ASABE ay madalas na tinutukoy mga selection guide ng gumawa ng nozzle, na naglalarawan kung paano gumagawa ang mga nozzle at mga katangian ng spray ng iba't ibang mga laki ng droplet batay sa mga klasipikasyon ng ASABE. Naniniwala ang EPA na ang paggamit ng laki ng droplet ng ASABE na "medium" ay mabilis na matitiyak at basta't sumangguni lamang sa mga patnubay at manual na ito, at maraming mga applicator at hahawak ng pesticide sa field ay gumagamit na sa mga pamantayang ito para matukoy ang laki ng droplet.

Ikinokonsidera ng EPA ang pag-develop ng dagdag na patnubay kung kinakailangan para malinaw paano gamitin ang mga pamantayan ng ASABE at mga patnubay sa pagpili ng nozzle upang maipatupad ang mga requirement ng AEZ.

9. **Kasama sa WPS ang exemption ng kagyat na pamilya para sa mga may-ari at mga miyembro ng pamilya nito na manatiling nasa looban ng kanilang mga saradong bahay na napapaloob sa AEZ. Paano ito gumagana?**

   **S:** Ang ***immediate family exemption*** ay nagkakaloob ng paraang umangkop sa mga may-ari sa pamamagitan ng pagpapahintulot sa kagyat na kapamilya ng mga may-ari ng establishment na manatili sa looban ng mga saradong gusali, bahay, o mga shelter (tulad ng kanilang mga bahay) sa AEZ habang naglalagay ng mga pesticide kung saan ang may-ari ng establishment ang naglalagay ng pesticide.

   Ang exemption na ito ay nagpapahintulot rin sa mga may-ari ng establishment na utusan ang mga hahawak na magpatuloy sa paglalagay kapag nanatili ang may-ari ng establishment at ang mga kapamilya nito sa looban ng mga saradong gusali, bahay, o mga shelter sa isang AEZ, **sa kondisyon na ang mga sumusunod na kondisyon ay natutugunan.**

   1. Sinasabihan ng may-ari ng establishment ang hahawak ng pesticide na ang may-ari at/o kapamilya ng may-ari lamang ang mananatili sa loob ng saradong gusali, bahay, o shelter;
   2. Inuutusan ng may-ari ng establishment ang hahawak ng pesticide na ang application ay maaaring magpatuloy kahit na naroroon ang may-ari o mga kapamilya nito; at
   3. Matatanggap ng mga hahawak ng pesticide ang impormasyong ito mula sa may-ari ng establishment bago ang paglalagay ng pesticide. Hindi nila dapat ipagpalagay na ang kapamilya lamang ng may-ari ang nasa looban kung hindi sila natitiyak dito.

   Sinuman sa loob ng gusali, bahay, o shelter na hindi isang kapamilya ay hindi exempt mula sa mga requirement ng AEZ. Samakatuwid, kung ang mga di miyembro ng pamilya ay nasa looban ng structure dagdag pa sa kapamilya, kailangang iangkop ang application ng pesticide.

10. **Mayroon nang exemption para sa mga magbubukid na manatili sa looban ng pabahay sa magbubukid na maaaring napapaloob sa AEZ habang naglalagay ng pesticide?**

    **S:** <u>Walang</u> mga exemption na ipinapataw sa pabahay para sa magbubukid sa ilalim ng WPS - ang pabahay sa magbubukid ay napapailalim sa mga proteksyon ng AEZ. Iyon ay, ang mga manggagawa (at ang mga kapamilya nito) ay hindi dapat kailanman naroroon sa lugar ng AEZ. Hindi rin dapat paalisin ng mga may-ari ng establishment ang mga indibiduwal sa loob ng pabahay habang naglalagay ng pesticide o i-angkop ang paglalagay ng pesticide (hal. ilagay sa ibang oras) para maiwasan ang mga taong naroroon sa bahayan habang dumadaan ang equipment ng application.